



Embassy of the Republic of the Philippines
 Ambassade de la République des Philippines
Paris

PAUNAWA SA PUBLIKO
TUNGKOL SA PAGREHISTRO NG KAPANGANAKAN

1. Noong **ika-3 ng Disyembre 2018**, ipinakalat ng DFA-Office of Consular Affairs sa lahat ng Embahada at Konsulado ng Pilipinas ang **CIR-2811-OCA-2018**. Nilalaman ng DFA Circular na ito ang liham mula sa Philippine Statistics Authority na nagsasabing:

Ang batang isinilang ng babae na may legal na asawa ay ituturing na lehitimong anak ng lalaki na legal na asawa ng nasabing babae – kahit na ibang lalaki ang biological father o totoong ama ng bata, o kahit na nahatulan ng hukuman ang ina ng bata ng kasong adultery.

Ito ay ayon sa Artikulo 164, 167, at 174 ng Family Code ng Pilipinas, na naging batas noong 1988.

2. Ayon sa PSA at DFA Circular, dahil itinuturing na lehitimong anak ang nasabing bata, **gagamitin nito ang apelyido ng lalaki na legal na asawa ng kanyang ina.**
3. Halimbawa, si Maria Santos ay kasal kay Juan Dela Cruz. Habang legal pang kasal kay Juan, nanganak si Maria kay Clara, na ang biological father o totoong ama ay si Pedro Bautista. Sa French *Acte de Naissance* (birth certificate), eto ang idineklara:

Name of Child	Clara Bautista
Name of Mother	Maria Santos/Maria Dela Cruz
Name of Father	Pedro Bautista

4. Sa pagsunod sa batas, ang Embahada ay mapipilitang magbigay ng Philippine Report of Birth (ROB) kung ang mga sumusunod ang nakasaad:

Name of Child	Clara Santos Dela Cruz
Name of Mother	Maria Santos
Name of Father	Juan Dela Cruz

5. Sa mga nagsasabing maaaring gamitin ng bata ang apelyido ng biological father kung magsusumite ang nasabing biological father ng Affidavit of Acknowledgment of Paternity (AAP), nais ipaalam ng Embahada na ito ay possible sa mga pagkakataong ito lamang:

- (a) kung ang **mga magulang ng bata ay parehong single, hindi kasal sa isa't-isa, at idineklara ng lalaki na siya ang ama ng bata;** o kaya'y
- (b) kung ang **nanay ng bata ay single, at ang biological father o totoong ama ng nasabing bata ay kasal sa ibang babae.**





Embassy of the Republic of the Philippines
Ambassade de la République des Philippines
Paris

6. Ang mga Embahada at Konsulado ay pinayuhan na mahigpit na ipatupad ang batas. Mula ika-3 ng Disyembre 2018, tinatanggap ng Embahada ang aplikasyon ng Philippine Report of Birth (ROB) kung ang nakasaad na apelyido ng bata ay ang apelyido ng legal na asawa ng ina.

Pinapaalamanan na kailangan pa rin isumite ang French *Acte de Naissance* bilang karagdagang dokumento.

7. Dahil tiyak na magkakaroon ng hindi magkatugmang mga detalye sa French *Acte de Naissance* at Philippine Report of Birth (ROB), minarapat ng Embahada na magbigay ng libreng *Coutume*. Ang *Coutume* ay isang sertipikasyon mula sa Embahada na maglalahad ng mga nauukol na mga probisyon ng Family Code ng Pilipinas sa paksang ito. **Ang *Coutume* na ito ay ibibigay lamang kung nairehistro sa Embahada ang ROB ayon sa batas at alituntunin ng Pilipinas.**

Paris, 24 January 2019

